*Review of Women's Studies* 17 (1-2): 112-130

# MGA ALAMAT SA BUROL

**Eugene Y. Evasco**
University of the Philippines, Diliman

## Alamat sa Burol, bersiyong 2053-A

SABAY-SABAY UMALINGAWNGAW, gayong naka-silent at discreet mode, ang mga cellphone sa kapuluan. "1 message received" ang lumitaw sa iskrin ng bawat aparato; nawawala-lumilitaw ang icon ng sobre. Madaling-araw iyon. Ipinagbawal ang pagtunog ng aparato sa oras ng pagtulog kaya kinilabutan ang sambayanan sa sinumang lumabag sa phonethics. Isa lang ang pahiwatig niyon: mayroon na namang babala mula sa gobyerno. Agad binuksan ang laman ng mensahe—nawawala ang imahe ng Reyna Imakulada ng Langit at Lupa sa retablo na wallpaper ng bawat cellphone!

Biglang nag-vibrate ang lahat ng cellphone; halos mayanig ang kapuluan. Hindi matiyak kung saan nagtungo ang Birhen—naglagalag ba ito sa world wide web, naligaw sa cyberspace, tumulay sa infrared, lumusot sa bluetooth, o humimpil sa kasuluk-sulukan ng microchip. Nabagabag ang mga deboto. Tinitigan nila nang husto ang pilak-asul na iskrin. Napahaplos pa sa kanilang keypad at baka may napindot silang labag sa mga atas ng Birhen. Wala nga talaga ang Birhen sa retablo. Naglahoang nagniningning na pilak sa noo ng Birhen. Hungkag na hungkag ang mga wallpaper. Agad sinuri ng mga deboto ang memory ng kanilang cellphone; napag-alamang 923 kB ang iniwang espasyo ng Birhen at may natitira pang 967 gB ang memorya para sa paparating na mensahe, prediksiyon, awit, at panalangin ng Banal na Judiel Nieva ng Agoo. Nasundan pa ito

©2010 UP Center for Women's Studies, University of the Philippines
ISSN 0117-9489

ng mga nag-aalalang mga mensaheng pinatulay sa multimedia services. "Please pray the rosary," maya't mayang alingawngaw ng polyphonic voice message ni Judiel Nieva.

"Laging alalahanin ang pitong susi ng kalangitan," ang naglalakihang paalala sa message board.

Umugong ang haka na pinirata ng Believe & Text ang imahen ng Birhen. Simula nang nabili ng Universe noong taong 2041 ang karapatan sa Birhen at sa Pinagpalang Martir na si Judiel Nieva, higit na nakaungos ang kanilang industriya sa merkado. Nagkaroon daw ng ispiritwalidad ang teknolohiyang pinaparatangang pumaslang sa pananalig ng mga Pilipino. Agad namang naglabas ng pahayag ang Believe & Text at kinondena ang diumanong pamimirata. Ikinalulungkot din nila ang napabalitang pagkakawala ng Birhen, lalo pa't nalalapit na ang proklamasyon ng Vatican kay Judiel Nieva bilang ikaapat na santo ng bansa. Hinahangad nila na maibalik ito sa lalong madaling panahon, bago pa man ang nakatakdang pagbisita ng Santo Papa.

"Ano na lamang ang sasabihin ng Vatican?" himutok ni Cardinal Villegas. "Naglalaho na ba ang ningas ng ating pananalig?"

Hindi pa man lumipas ang isang oras, nagtungo ang mga deboto sa Agoo, nakalulan sa mga pinagsawaan at naghihingalong Japayuki bus. Sa tabi ng highway, dinadaan-daanan lang ng mga deboto ang kalawanging katawan ng tren, naisatitik ang pinturang nangangako ng "Philippines 2000" na tinutuklap ng mga taong-grasa. Napakamot ng anit ang mga manlalakbay at yamot sa sagabal na iyon ng kanilang paglalakbay. Sa may sulok ng lungsod na limot at binawian ng pangalan, magdamagang pinag-aaralan ng mga siyentipiko ang wika at dialekto ng ipis. Itinuturo rin ang sining ng komunikasyon at retorika sa naturang insekto. Paniniwala nila na sa pagbagsak ng naglalagablab na ibong plutonium sa daigdig, tangingang kabihasnan ng ipis ang mananatili sa balat ng lupa. Sila ang tagapagmana ng karunungan at kalinangan kaya puspusan ang pagsasalin ng wika ng tao tungo sa wika ng ipis. Inihahanda na rin ang mga microchips para ilagak ang gunita sa utak-ipis. "Nang hindi masayang ang ating pagpupunyagi sa pilosopiya," katwiran ng pinuno sa proyekto.

Nagdaos ng misa si Obispo Ricardo Reyes, ang tanyag na atletang pari na naka-ginto sa Olimpiyada nang siya'y kura-paroko ng UP.

Humahangos ang mga deboto sa kanilang prayer marathon. "Magsimba araw-araw. Bisitahing madalas ang Banal na Sakramento. Magsuot ng eskapularyong tela. Dasalin ang *Labinlimang Misteryo ng Rosaryo* pati ang *Litanya* at *Aba Po Santa Mariang Birhen.* Mag-estasyon ng Krus. Mangumpisal linggo-linggo. Mangumunyon tuwing Unang Biyernes at Unang Sabado."

Hindi naman talaga nagkulang ang mamamayan. Kaiisa ang Universe sa pagtataguyod ng Pitong Susi ng Kalangitan. Toll-free naman kapag tatawag sa 1-800-JUDIEL-ALONE-SAVES para sa palagiang misa ng sinumang abala sa kanyang gawain. May electronic ostiya ring feature ang mga cellphone ng Universe pagkaraan ng komunyon. Downloadable ang mga kulay-lupang eskapularyo. At mabibili rin ang pinakamurang pre-paid card para sa palagiang pagrorosaryo at litanya. Pinakabagong ringtone din ang mga banal na awit ni Judiel na na-rekord nang live noong 1993. Nagdagdag din sila ng pinakatampok na feature: ang fragrance message. Nakalulan sa bawat prayer message ang halimuyak ng mga pulang talulot ng rosas bilang gabay sa tamang landas ng pananampalataya.

"Mabilis talagang nakalimot ang mga Pilipino," himutok ng General Manager ng Universe. Matatandaan noong 2001, instrumental ang Universe sa pagpapatalsik ng pangulong panginoon ng kayamanang jueteng. Kumbinsido naman ang mga mamamayan na pagkakaagnas ng debosyon ang dahilan sa pagkakalaho ng imahen. Batay sa online survey, naniniwala ang mga Pilipino na ang pagkakalaho ay senyales ng di matukoy na mangyayari. Kinilabutan sila sa pangitain. Huwag lamangsana itong makaaapekto sa pagkakaluklok kay Judiel Nieva de Agoo sa hanay ng 18,987 na santo ng Simbahang Katoliko.

**Alamat sa Burol, bersiyong 1981**

"INAY, MAY BISITA po tayo," humahangos na balita ni Judiel matapos maglagi ng ilang oras sa burol ng Sitio San Antonio. Hindi naman agad pinansin ng ina ang balita ng bunso niyang anak; abala ito kung paano pagkakasyahin hanggang bukas ang iginigisa niyang kamatis na may itlog. Sino pa nga ba ang bibisita sa kanila? Kadalasan, kartero lamang ito na naghahatid ng telegrama o sulat ng mga anak na nagbaka-sakali sa lungsod. Laman ng mga sulat ang hinagpis ng anak na walang makuhang trabaho dahil nagtapos lamang sila sa di-kilalang kolehiyo ng La Union. "May bisita po tayo," muling banggit ni Judiel, tila naiinis sa taingang-

kawaling ina. Natauhan sa paglilitanya ang ina. "May bisita ba 'ka mo?" At nilabas ng ina ang bisitang sinasabi ng bunso. Pagkabukas na pagkabukas ng pinto, wala namang naghihintay sa tarangkahan. "Nalipasan ka lang siguro ng tanghalian," paratang ng ina sa batang Judiel.

"May bisita po talaga tayo," pagdidiin ni Judiel. "Isang babaeng nakaputi. Mahaba ang buhok. At nagliliwanag ang noo na may bituin. Saka umiiyak po siya."

"Umiiyak?" gulat na pagtataka ng ina. Pagkaraa'y natuon ang sipat sa mga pulang talulot ng rosas sa kanyang paanan.

"Opo," dagling tugon ni Judiel. "Lumuluha po siya ng dugo."

"Manahimik ka," saway ng ina kay Judiel. "Alam mo bang pinag-uusapan na tayo hanggang bayan?"

May itinuro si Judiel sa lupang kinatatayuan. Napaluhod ang ina sa lupa. Nabato-balani siya ng mga pulang talulot na itinuro ng anak. Linikom niya ang mga ito tulad ng pagpulot ng mga mumo sa takot na takasan ng biyaya. "Ikaw bata ka, baka pinagpipitas mo lang ang mga ito." Ayaw ipabatid ng ina ang nararamdamang hiwaga sa anak. Tumulong din ang bata sa pamumulot. Kumuha siya ng isang piraso at iniharap sa papalubog na araw. Pakiramdam ni Judiel, naglagablab ang talulot naiyon. Isisilid na sana sa sobre ang mga talulot nang napansin ng ina na may hawig na hugis ang mga talulot. Parang inimprenta ang iyon sa makinis na balat ng talulot. Nang inilapit sa paningin, nakita ng mag-ina ang hawas ng naghihinagpis na Hesus na may koronang tinik. Tumutulo ang dugo sa pagal na mukha at halos maghingalo na ang paningin.

**Alamat sa Burol, bersiyong 1987**

NAGLALAGI SI JUDIEL sa burol ng San Antonio pagkatapos na pagkatapos ng eskuwela. May panata siya sa burol iyon. Kung anuman iyon, hindi pa lubos na batid ng bata. May kung anong nag-iimbita sa kanyang musmos na binti para laging manatili sa burol. Hindi sumasali si Judiel, gayong hindi rin naman siya isinasali ng mga kababata, sa habulan at taguan. Kinulang daw siya sa liksi. Gusto man niyang sumali para maglaro ng jackstone, matutukso naman siya ng mga kalaro. Lagi'y si Judiel pa ang napagagalitan kapag umuuwing umiiyak. "Hindi ka naman kasi dapat

naglalaro ng jackstone," paninisi ng ama. Agad kinuha ng kanyang ama ang tirador. "Manghuli ka ng mga tarat sa parang." Yari ang tirador sa isang sanga ng bayabas. Tandang-tanda ito ni Judiel nang siya'y tinuli. Mula rin sa punong bayabas sa burol ang ginamit na sa ritwal ng kanyang pagkalalaki. Mga dahon din ng bayabas ang naghilom ng pagkakasugat ng kanyang pagiging baguntao.

Simula nang mahilig sa manyika ang batang si Judiel, bihira na siyang kausapin ng ama. May kung anong kontinente ang namagitan sa kanila. Nagsasalita lamang ito para bawalan ang kakaibang kilos ng anak. "Nananaginip na naman yata ng manyika," pailing-iling na sambit ng ama nang ikuwento ng ina ang bisitang babae na nakaputi at mahaba ang nakalugay na buhok. Ngunit hindi nakatutol ang ama nang minsang humiling si Judiel ng estatwa ng Sto. Niño. "Mabuti na kaysa manyika," alo ng maybahay sa kanyang bana. Mula noon, binibihisan ni Judiel ang Sto. Niño ng sari-saring damit. Nananahi siya ng ginintuan at pinilakang bestida. Pinakikintab niya ang korona. Namimitas siya ng mga bulaklak ng santan, pinagdudugtong hanggang maging kuwintas at isasabit sakanyang Sto. Niño. Sa pagtulog, kasama ni Judiel ang kanyang imahen. Linggo-linggo, pagkaraan ng misa, pinabebendisyunan ni Judiel ang Sto Niño. Nakatanaw ang mga bata sa pakikipagkarera ni Judiel sa harap ng pari para maambunan siya ng agua bendita. Sa mga misa, pinakahihintay ng lahat kung ano ang mga nagbago sa damit na tinahi ng batang si Judiel. Nagbubulungan ang mga manang na kasapi ng Hermanas de Maria. "Pinabayaan kasi ng ina," sabi ng isa. "Bibihira kasing umuwi ang ama," sabi naman ng isa na mariin ang pagkakakapit sa rosaryo. "Hu," saway ng isa. "Mabuti na kaysa adik. Ang ilan diyan, kay agang magkabisyo."

Nang nakilala ang debosyon ni Judiel sa Sto Niño, hinayaan naman siyang mapalapit sa kabanalan ng Birheng Maria. Nag-aalay siya ng mga sariwang bulaklak sa Birhen tuwing Flores de Mayo. Umaawit siya ng papuri, kasama ng Hermanas de Maria, at hindi na pinilit na magbuhat ng sulo o magsindi ng mga kuwitis. Binihisan din siya ng mga puting pakpak ng ina para maging isa sa mga anghel na umaawit ng papuri sa Pasko ng Pagkabuhay. Labis na ikinagalak ni Judiel ang pagkakaganap na iyon. Habang hinahawi ang itim na belo sa nagluluksang Birhen, pababa nang pababa si Judiel sa pagkakatali sa lubid. Nagitla sila sa matinis tinig ng bata na kung ilalarawan ay tinig talaga ng mga anghel. Sabi ng ilan, anghel na anghel si Judiel—matipuno ang katawan, manipis tulad ng llanera ang balakang, at napakaamo ng mukha. Kaya, isa si Judiel sa mga

anghel na umaawit ng tagumpay at kadakilaan nang natuklasan ng tatlong hari ang bagong silang na Tagapagligtas. Ngunit naglasing ang kanyang ama sa sama ng loob nang pinagkatuwaan ng Hermanas de Maria si Judiel at itinampok bilang isa sa mga Reyna sa Santakrus de Mayo. Pagkaraan ng parada, kumalat sa ibang bayan ang balitang iyon. Sinalaula raw ng Hermanas ang Santakrusan. Ginamit pa ang bata, ang walang-muwang na batang si Judiel. "Sa kabilang bayan nga, mga taga-parlor ang mga Reyna," katwiran ng mga Hermana.

Mula noon, laging binibisita ni Judiel ang burol. Madalas, hinuhukay ni Judiel ang burol para hanapin ang mga bungo at kalansay ng kanilang ninuno. Sa mga alamat ng matatanda, ito raw ang kampusantong kanilang magigiting na mandirigmang ninuno. Wala namang nahukay na kalansay ang bata kundi tuyong ugat ng halamang mimosa. Sa lilim ng puno ng bayabas siya nakikisilong para mag-ensayo ng awit ng pagsamba. Kinalimutan na ni Judiel ang lingguhang pagbebendisyon sa kanyang Sto Niño. Uuwi na lamang si Judiel kapag madilim-dilim na. Ayaw na ayaw niyang dumadaan sa kanilang kalye. May parusa ang mga yapak na binagtas ng kanyang pagsa-Santakrusan. Sa isang tahanan, nakasabit sa may bintana ang hawla ng ibong martines. Itim itong ibon na sa malayuan ay mapagkakamalang uwak na itinataboy ng mga magsasaka. Natuturuan itong umawit at magsalita. Iyon ang sumpa ng ibon. Natutunan nito ang laging winiwika ng mga tao sa naturang tahanan. Aanhin pa ang magarang tahanan kung ang nakatira'y asal-ibon? Mga masasakit na salita ang sinasambit ng martines na lagi'y nagpapayuko kay Judiel. Sa tuwing madaraan si Judiel sa tahanang iyon, tumitili ng mararahas na salita ang ibon. Binalak na tiradurin ni Judiel ang ibon pero nanaig ang kanyang pananalig sa Birhen. "Kapag pinukol ka ng bato, pukulin mo ng tinapay." Ngunit hindi pinukol ni Judiel ni isang piraso ng tinapay ang ibong iyon. Aakalain pang ikinasisiya ng bata ang tili ng ibon. Sa guni-guni ni Judiel, may umalingawngaw na bulong mula sa kalangitan, "Patawarin mo ang ibon at hindi niya alam ang kanyang winiwika."

**Alamat sa Burol, bersiyong 1992**

TUWING INAAKYAT NG BATANG si Judiel ang burol, halos tanaw niya ang kabuuan ng kanilang nayon. Kita niya, habang papalubog ang araw, ang kanilang visita. Ginagayak lamang ito kapag nalalapit na ang Semana Santa—pinapalitan ang binukbok na haliging kawayan, ang pinesteng bubong na sawali, at ang dingding na ginalusan ng "Rhonell

Labs Mhe-ann" at iba pang testamento ng pagsinta. Pagkaraan ng Semana Santa, tahanan ang visitang iyon ng mga ligaw na kambing. Minsan, dito pinasisilong ang mga baboy para hindi mahawa sa lumalalang trangkaso ng hayop. Nagkalat ang dumi ng mga baboy sa silong. Dahil ligid ngtuyong palaspas at naging sagrado dahil sa nagdaang pabasa, ligtas ang mga hayop sa epidemya. Noong nakaraang mga taon, mahigit walong daang baboy ang nakisilong sa visita. Pinalad namang may naihaing litson sa pista nang gawing kural ang altar dito.

Napailing si Judiel. Kasama niya sa panaginip ang pangarap na magkaroon ng simbahang bato ang kanilang nayon. Sa bayan, hindi nagmimistulang kural ang tahanan ng Diyos. Mayroon silang Basilica of Our Lady of Charity—kawangis ng Birhen dito ang mukha ng Unang Ginang ng dating pangulo—na bukas sa nagnanasa ng kaligtasan. May kampana ito na dinig sa bayan; di katulad ng kanilang visita na wala man lamang kampana sa takot na nakawin at ipatunaw ng mga salvaje. Ang mga kalyeng malapit sa basilika ay bininyagan ng banyagang wika ng Espanya. Kung ika'y dayuhan at maririnig ang pangalan ng mga kalye, aakalain mong nasa Europa ka.

Silungan laban sa lindol, balang, kolera, baha, at bagyo. Ginawa rin itong kuta ng mga alalay ng mayor nang nahuli silang nagpapalit ng mga balota sa munisipyo. Matitibay ang mga bato na pinagdugtong ng hinalong puti ng itlog, dumi ng kambing at tuyong damo. Minsan, karga ng mga taga-burol ang di-mabilang na pinesteng baboy at kambing upang ilagak sa basilika. Hindi pa man sila nakatatapak, hinarang na sila ng kura. "Hindi kural ang tahanan ng Diyos," maingat na paliwanag ng pari.

Kung asal-hayop ang taong tumutuloy sa basilika, ibang kuwento na iyon. Madalas na hilingin ni Judiel na magpakatao ang sinumang yayapak sa basilika at makinig sa mga banal na kawikaan. Ramdam ni Judiel ang talas ng titig ng mga sumasamba sa loob ng basilika sa tuwing dinarayo ito ng mga taga-burol. Sinusuri ng mga ito ang kanilang suot, mula belo hanggang tsinelas. Pinalalayo ang mga tagaburol sa imahen na may koronang ginto at kuwintas na brilyante. "Baka raw madaig sa tukso," ang katwiran ng isang sakristan sa mga nagreklamo. Hindi na rin naibalik sa kanilang burol ang imahen ng Our Lady of Charity gayong dito natagpuan ang kakaibang kahoy na may ukit na mukha ng Birhen.

"Saan makatatagpo ang ating Panginoon?" panghahamon ni

Judiel. "Ano ba talaga ang tahanan ng Diyos?"

**Alamat sa Burol, bersiyong 1986**

MAY ISANG BATANG kilala sa Agoo sa kanyang husay sa pagbuburda. Nailuklok bilang kuwentong-bayan ang kanyang kasaysayan. Tulad ni Judiel, sunod ang ngalan nito sa di kilalang arkangel. Madalas itong nag-iisa sa lilim ng punong bayabas ng burol ng dating San Antonio na kilala bilang Apparition Hill. Mayroon din itong hindi maipaliwanag na pagsinta sa burol. Tanaw niya mula sa tuktok ng burol ang abuhin nilang aplaya at kulay-kalawang na mga alon. Halos baog ang kabukiran, tumutubo lamang ay malunggay at balinghoy na hindi maselan kung didiligan o hindi. Hukot ang mga puno na sinalanta ng nakaraang bagyo. Pilantod ang mga uhay ng palay na sinalakay ng balang. Marami-rami na rin ang mga bahay na gawa sa semento; iyon lamang, marami ang hindi matapos-tapos dahil kinulang ang padala ng kaanak na caregiver sa Canada o nagkaroon na ng ibang asawa. Dahil hitik ang bata sa pangarap ng kanyang nayon, naisalin niya ito sa kanyang binuburda. Lumitaw sa tela ang plantasyon ng mga walang-butong ubas, ang hardin ng rosas, ang puting aplaya, marmol na munisipyo, sementadong daan, bakal na tulay, at batong basilika. Matiyaga niyang itong binurda kahit masugatan nang paulit-ulit ang sariling hinalalaki. Hindi batid ng bata na sa tuwing siya'y nagbuburda, nakatanaw sa kanya si Judiel, nakalulan sa dagim sa tuktok ng punong bayabas. Minamasid ni Judiel ang pagbuburda ng pangarap ng naturang bata; tigib ito ng minsang din niyang pinangarap na mapansin ang kanilang nayon sa tabi ng burol. Tulad niya, kapwa sila mahilig sa tela, pagsusulsi, at pagpapalamuti.

Isang hapon, tinapos ng bata ang pinakahuling detalye ng kanyang likha: ang malalagong puno ng talisay sa tabi ng naglalabang asul at berde na aplaya. Nang inilatag niya ang burda, halos kumutan nito ang Apparition Hill. Muntik nang mahulog sa kanyang sinasakyang dagim si Judiel sa pagkakalatag na iyon.

May kidlat na sumalakay sa isip ni Judiel. "Kaygandang burda!" napatili si Judiel. Nilapitan niya ang batang bordadero, "Puwede ko bang mahiram ang likha mo?" Hindi pa man nakasasagot ang bata, hinablot ni Judiel ang burda, inangkin, at ipinatangay sa hangin.

"Magnanakaw!" sigaw ng bata kay Judiel na hahalakhak nang

halakhak papalayo, paimbulog sa kalawakan. "Ibalik mo sa akin ang aking burda! Ibalik mo!" Walang bisa ang sumamo ng bata kay Judiel. Pagkaraang kumurap, tuldok na lamang si Judiel sa kalangitan.

*Taksil ang burol*, bulong ng bata sa kanyang sarili. Ipinagkanulo ako ng sagrado kong burol. Napaluha siyang umuwi ng kanilang tahanan.

Kinaumagahan, nagising ang bata sa kakaibang kasiyahan ng kanilang nayon ng Agoo. Dumungaw siya sa bintana. Dagli niyang nasipat ang sementadong kalye. "Ipinagawa kaya ito ni Mayor?" bulung-bulungan ng mga tao na umaasa pa rin sa ipinangakong poso noong nakaraang halalan, walong taon na ang nakalipas. Iginala pa ng bata ang tingin, nakita niya ang plantasyon ng pinya sa parang. Yari na sa marmol ang munisipyo at naging basilika ang visita. Sa malayo, natanaw ng bata ang asul na alon ng dagat. Kahapon lamang, kulay kalawang ito na tila natalsikan ng asido. Kagyat na naisip ng bata na ang nailatag sa kanilang bayan ng Agoo ay ang kanyang binurdang pangarap. Naalala niya ang di niya matiyak kung dalaga ba o binata na nakalulan sa kulay-lilang dagim. Nilatag pala nito ang kanyang likha hindi lamang sa burol kundi sa buong nayon.

**Alamat sa Burol, bersiyong 2012**

IPINAGLALABAN NG MGA deboto ng Banal na Judiel Nieva de Agoo na maging Patron ng mga Naisantabi at nasa Laylayan. Napatunayan na ito sa himalang idinulot niya sa Agoo, naging urbanisado ito, class AAA na siyudad, at binansagang Rio de Janeiro ng Asya. Mula sa Puerto de Japon noong panahon ng Espanyol hanggang sa ipinagkait na sagradong lunan ng aparisyon ng Reyna Imakulada ng Langit at Lupa, hindi man lamang natapakan ng mga turista ang nayon sa tabi ng burol. Nasa Bauang ang lahat ng pinakamabuting aplaya sa La Union. Kayliit ng pangalan nito sa mapa ng Pilipinas na kapag nahanginan, nabubura ang imprenta na parang alabok. Ngayon, Agoo ang unang sumasalakay sa kamalayan ninuman kapag nababanggit ang bansang Pilipinas.

Mula nang kinilala ng Vatican ang integridad ng aparisyon ng Reyna Imakulada ng Langit at Lupa sa Agoo at ang bisa ng mga mensahe ni Judiel sa katubusan ng sambayanan, minarapat na pagsabayin ang $17^{th}$ World Meeting of Families at $14^{th}$ Wild Meeting of Excluded Families. Tanda ito ng pagtanggap ng simbahan sa lahat ng tupa, nalihis man o hindi. Apatnapu't pitong taon na ang nakalipas nang lumikha ng alingasngas sa

Simbahang Katoliko ang pagsasantabi ng kakaibang pamilya na labag sa atas ng Panginoon.

"I am no longer a Catholic," nanginginig na deklarasyon ni Armida Siguion-Reyna sa unang pagtitipon noong 2003. "I ceased to be one the day it dawned upon me that the God the Catholic Church had made in its image was cruel, bigoted, and narrow-minded."

Sa Pilipinas isasagawa ang pagtitipong iyon bilang pagsalubong sa deklarasyon kay Judiel Nieva de Agoo bilang santo. Darating sa pagtitipon sa Agoo ang Santo Papa, kahit na marupok na ang mga buto, para humingi ng tawad sa pagsasantabi ng Iglesia Katolika sa mga nagli-live-in; single parent; dalagang ina; bastarda; ampon; pamilyang genetically-enhanced; anak na likha ng artificial insemination; mag-asawang walang anak; supling ng mga pari at madre; at samahang magkapareho ng kasarian. "The family is no longer under attack," pagbawi ng spokesperson ng Santo Papa sa unang pahayag ng Vatican sa banta ng mga alternatibong konsepto sa pagkakawasak ng Sagrada Familia.

Taimtim na nagdiwang ang mga pamilya habang ang bango ng talulot ng pulang rosas ay lumipos sa buong kapuluan.

**Alamat sa Burol, bersiyong 2046**

DINAGSA NG MGA negosyante ang bayan ng Agoo. Binawi na rin ng mga eksperto ang ulat na ang dugong iniluha ng Birhen aydugo ng baboy, batay sa kanilang genetic profiling. Sa tabi ng matandang puno ng bayabas, itinayo ang monumento ni Judiel na nakatingala sa langit at naluluha ang mga mata sa liwanag ng araw. Nakapila ang mga debotong negosyante para humalik sa hubad na paa; tangan nila ang mga panyolito para punasan ang alikabok sa mukha at braso ng imahen ni Judiel. Binasbasan ito ng obispo ng lalawigan. Sunod sa sinaunang pangalang Puerto de Japon, dinadala rito ang mga surplus, segunda-mano, at mga basura mula sa Japan. Masusumpungan ang Save on Surplus sa bawat kanto—itinitinda ang mga damit at sapatos na hikahos sa quality control. Dahil may nakatatak na kilala at mamahaling pangalan, pinapakyaw ito ng mga taga-Agoo at ikinakalakal sa iba pang siyudad. Bawat negosyante ay may walumpung sako para punuin. Sa tabi ng Basilika ng Reyna Imakulada, umusbong tulad ng mga kabute sa bulok na puno ang mga tiangge ng ukay-ukay. Sa isang araw, hindi kukulangin na walumpung daang bus ang

pumupunta para magkasabay na manalangin at makipagwagwagan ng segunda manong damit.

"Pinaglumaan na 'yan," sabi ng isang turista. "Tingnan mo't may mantsa pa ang panty." Hindi naman siya pinansin ng kasama at isang bayong na ang naitatabing blusa, jacket at pantalon.

Sa paligid ng munisipyo, tila matatag na adobeng dingding ang mga tindahang Sayonato at Nakamura, mga tindahan ng pinaglumaang muwebles at aparatong elektroniko mula sa Japan. Tuwing dumadaan ang mga bata sa munisipyo, hindi nila mapigilang gayahin at pagtawanan ang huwad na salitang Nihonggo.

"Sayonato, sayonato," usal ng isang bata. "Nakamura ka ng tatlong libo sa microwave." At mapupuno ng halakhak ang munisipyo, kasabay ng paos na tunog ng sinaunang macrocomponent na may super woofer mula sa Osaka.

Walong beses kada linggo ang dating ng walumpung barko mula sa Japan. Sa pantalan ng Agoo, nakahilera ang mga trak ng negosyante para mamakyaw ng segunda manong flat tv, karaoke, intelligent microphone, laptop, DVD player, Poochi na robodog, at washing machine. Hindi ininda ng mga negosyante kung napulot lang ito sabasurahan sa Japan. Pagdating sa Agoo, salapi ang katumbas nito. Kapag inilako sa labas ng Agoo, kinabukasan ang halaga nito. Mapagkakatiwalaan na itong negosyo. May ginto at kinabukasan nga talaga sa basura.

Matinding debate sa munisipyo kung tatanggap ng labada mula sa Japan ang mga taga-Agoo. Tutal, marami namang estudyante sa Agoo ang nagtapos ng Homemaking at Laundry. Malala na ang polusyon sa Japan at hindi na nila maatim na masipsip pa ng kanilang lupain ang pinaglabhan ng mga damit na mataas ang plutonium level. Sa huling deliberasyon ng mga konsehal kasama ang mayor, napagpasyahang kukunin nila ang alok na labada. Sayang nga naman kung mapupunta sa Thailand at Vietnam ang industriya ng paglalaba. Mas abante naman ang teknolohiya natin, gamit ang tradisyonal na paraan ng pagkukula, pag-aalmirol at ang intrumentong palo-palo.

Nang hapon ding iyon, matapos ang isang tanghali ng pakyawan at baratan, humimpil ang walumpung barko ng maruruming damit mula

sa Japan. Nakapila ang mga manang, nakagrupo batay sa baranggay para kunin ang kanilang rasyon ng lalabhan. Kalakip sa mga sako ng damit ang panuto na kailangan munang pakuluan ang mga damit upang mapuksa ang coronavirus na nagdudulot ng sinaunang karamdaman na laganap muli ngayon sa Japan.

Nangamatis ang mukha ng mga kabataan sa galit. Sa hinagpis ng desisyon ng munisipyo, nilagyan nila ng gas mask ang mga imahe ng Reyna Imakulada ng Langit at Lupa, maging ang estatwa ni Judiel na ngayong tila naluluha na sa panibagong industriya ng kanyang lupang sinilangan. Nagtanghal rin ang kabataan ng fashion show na tanging gas mask lang ang suot at ginintuan ang balat sa katawan. Sumuporta rin ang Kabataang Makabayan ng buong kapuluan. Sa Malacanang, tinanggap ni Pangulong Joshua Aquino Salvador, na maging tambakan ng basurang pangkalawakan ang bansa. Sa darating na linggo, bago ang napipintong kanonisasyon ni Judiel Nieva de Agoo, tinatayang bubulusok sa bansa ang naglalagablab na kalansay ng Titan, ang mala-Titanic na space shuttle na pumaimbulog sa kalawakan noong 2034.

Noong nakaraang taon, nangarap ang bansang Yemen, Tibet, at Bangladesh ng panibagong buwan, bituin, planeta, at konstelasyon. Pinabulusok nila sa kalawakan ang kanilang kauna-unahang pambansang satellite, saksi ang buong daigdig sa pag-abot ng pangarap nilang bituin. Sa bansa, ang mga mamamayan ay nagpapakadalubhasa sa sining ng paglalaba at siyensiya ng pagbubungkal para hanapin ang piraso ng isandaan taong mito ng kayamanang Yamashita. Walumpung milyong kaapu-apuhan ng beterano, tangan ang marupok at naninilaw na mapa, ang muling bubungkalin at titibagin ang Intramuros at kabundukan ng Cordillera para minahin ang nakatagong lantay na ginto sa kailaliman ng lupa. Marami rin ang nagsitungo sa pusikit na pinakabasement ng UltraMall para pumila sa huling bola ng MegaLotto, matapos mapakinggan ang vibrations ni Madame Aurora Borealis sa kapalaran batay sa planetang Jupiter at mga bituing Aquarius. Sa EDSA at Mendiola, isang buwan nang nagdaraos ng dulansangang Republikang Tambakan ang mga aktibistang mag-aaral. Hanggang ngayon, hindi pa rin nababali ang huling utos ng pangulo na maging imbakan ang kapuluan ng nagbabagang basurang pangkalawakan. Katwiran niya'y kung hindi lamang siya nahalal na pangulo, sasanib siya sa walumpung milyong Pilipino na naninirahan sa lupaing pangako ng Greenland at New Zealand. Walumpung porsyento ng populasyon ng Pilipino ay pawang nangibang-bayan.

Sa mga gabi, nakatingala ang mga bata sa kalangitan. Saksi sila sa magilas na pagsasalpukan ng mga antigong satellite sa kalawakan. Lumikha ito ng mga pagsabog ng liwanag sa pusikit na daigdig. Hindi maipaliwanag kung bakit lumalala ang takot ng mga Pilipino sa kaitaas-taasan at sa kalawakan. Ang mga pagsabog na ito ang pinaghihinalaang dahilan. Paakyat pa lamang sa ikatlo o ikaapat na palapag ng gusali, mahihilo at nasusuka na ang sinuman. "Para saan ang bituin kung hindi naman mararating?" katwiran lagi ng Pilipino. Habang unti-unting nalalagas ang patay na buhok at balat ng tao, umaambon naman ng alabok-plutonium sa daigdig. Lalong napailing ang mga nakatatanda. "Paano mangangarap ang mga bata ng langit kung sa kanilang pagtingala, masasaksiha'y mga nagbabagang dambuhalang metal?" Gabi-gabi, hinahanap nila ang sinaunang latag ng mga bituin sa kalawakan. Hindi na rin nila masulyapan ang kabilugan ng buwan sa ningas ng mga satellite na nagsasabulalakaw.

"Parang sumuko na akong magkaanak," minsang nasabi ng treinta anyos na dalaga sa mga kaibigan pagkaraang marinig ang mahigit walumpung satellite na inabandona ng ibang bansa at maaaring bumulusok muli sa daigdig. "Mag-aalaga na lang ako ng daga," agad niyang naidugtong.

"Kuntento na ako sa Poochi robodog," sabad naman ng kaibigan ng dalaga. "Hindi ko na kailangan pang pakainin at lambingin. Basta palitan lang ng baterya at hindi madapuan ng plutonium, maituturing ka nang dakilang magulang."

**Alamat sa Burol, bersiyong 2007**

ILANG GIGABYTES ANG kayang matanggap sa gunita ng cellphone?

Magmula nang nilikha ng naturang aparato ang kabanalan ng martir, naisiksik sa kasingit-singitan ng microchip ang tunay na adhika ni Judiel. Isang kabataan ang pinagpakitaan ng banal na martir. Lumuluha si Judiel ng mga pulang talulot ng rosas. Bagamat walong suson ang puting damit, aninaw pa rin ang duguan niyang katawan. Nilapitan ng kabataan ang banal. Hinawi ang walong suson na pangtaas at saka ipinasok ang mga daliri sa iwa sa may gawing puso ni Judiel. "Paano ka naging banal?" pagtataka ng kabataan sa nagpakitang martir.

"Nagdududa ka pa ba?" mahinahong wika ni Judiel at hinayaan niyang ipasok ng kabataan ang kamao sa kaloob-looban ng kanyang sugat. Naramdaman ng kabataan ang alab sa puso ng martir. Umugong ang tinig na Judiel. "Ang pananalig sa puso ay higit na mahalaga kaysa kumukutitap na liwanag sa cellphone."

Kasimbilis ng paglalakbay ng mga datos sa magkakahiwalay na kompyuter, nanumbalik ang alaala sa naturang kabataan. Agad siyangnabuwal sa kinatatayuan at napapikit sa nakita. Kung bakit sa kanyang pagkakapikit ay kayrami niyang natuklasan—ang mga sinaunang martir na pinalalapa sa leon; ang mga unang mananalig na binibigti sa harap ng taumbayan; ang mga ibinibilanggo sa lungga at pinapaslang ng malalaking tipak ng bato; ang mga debotong pinalalamon sa apoy; ang mga banal na pinuputungan ng koronang tinik at ipinapako sa krus. Biglang-bigla, lumitaw ang nakaraan sa kamalayan ng kabataan. Mag-isang naglalakad si Judiel mula sa kabilang bayan.

"Nanggaling ka sa bawal na lugar," bintang ng apat na di-kilalang kalalakihan.

Hindi nakasagot si Judiel. Nagmamadali pa rin siya sa kanyang paglalakad bago pa man sumilay ang liwanag. Agad siyang sinundan ng grupong iyon; hinarang at saka iginapos sa kawayang bakuran na hitik sa alambreng bulaklak. Nagmamakaawa ang tinig ng martir habang umuusal na panalangin sa Panginoon.
Halinhinang pinagsusuntok ng kalalakihan si Judiel. Pinaaamin siya sa kasalanang hindi naman niya ginawa. Naglabas ng patalim ang isa. Pagkasaksak, napatingala si Judiel sa kalangitan. "Paslangin man ninyo ako ng libong ulit, hindi ko ikakaila ang aking pananalig," sabi ng martir habang unti-unting nagliliwanag ang kanyang noo at umaawit ang walong libong anghel sa paligid. Umambon ng mga talulot ng pulang rosas.

"Nauuhaw ako," huling nabanggit ni Judiel bago siya malagutan ng hininga.

Nagitla ang kabataan sa mga gunitang nanumbalik. Pagkamulat ng mga mata, napaluhod siya at nanalangin sa kaligtasan ng kaluluwa ni Judiel. Hindi pa rin maalis sa kanyang paningin ang liwanag na nakasisilaw at ang hiling ni Judiel ng isang basong tubig habang naghihingalo sa pagkakagapos. Namamangha pa rin siya nang masaksihang pinaghati-

hatian ng taumbayan ang bangkay ng martir at saka palihim na isinilid sa kanilang mga damit.

**Alamat sa Burol, bersiyong 2053-B**

DALAWANG LINGGO BAGO ang kanonisasyon kay Judiel Nieva, tumaas ang benta ng Blessed Judiel Pre-paid Card. Binalaan ng Blessed Judiel's Lucky Txtm8 Club na hindi nakatutulong sa pananampalataya ang panic buying ng naturang pre-paid card.

"Para sa lahat ang biyaya ng himala," lagi nilang katwiran. Pagkadial nga naman sa banal na numero, makakausap ninuman ang banal na martir para humingi ng piraso ng langit dito sa lupa.

Nakaimbak sa memory ng SIM ang kumpletong mensahe ng Reyna Imakulada ng Langit at Lupa, alinsunod sa pagkakahatid sa banal na martir na Judiel. Para makatipid sa call time, nagse-send na lamang ng text message ang mga deboto para humiling ng kanilang rasyon ng kabanalan.

"You've successfully downloaded a daily bread to your phone," sabi ng polyphonic voice message.

Nakikipagchat sila sa banal na martir gayong batid ng marami na likhang-kompyuter ang banal na pakikipagniig. Nausong logo sa cellphone ang "Judiel is my txtm8" na nadadownload kapag sumali sa Blessed Judiel TxtTrivia Contest. "Judiel, CEO" naman ang nakaukit na text card na ginagamit ng debotong negosyante.
"Ang mahal naman!" reklamo ng isang GenText member.

"Bakit, mura ba ang iyong pananalig?" dagling pangongonsensiya ng isang deboto.

"Ang yabang mo," dagling sagot ng una. Sinipat niya ang mobile phone number ng nakausap na deboto at napansing pre-paid pa rin ang numero nito. "Nakalinya naman sa langit ang aking cellphone."

Nagulantang ang deboto sa sinabing iyon ng kasama. Walong taon na siyang text nang text kay Judiel. Nagpapadala pa siya ng mga e-wish para sa katuparan ng mga pangarap. Sa mga panahong iyon, ni minsan,

hindi man lang siya tumawag o nagpamiss call para mapansin ng martir. "Naroon pa kaya si Judiel sa luma niyang numero?" tanong niya sa sarili. Kinabahan siyang baka nag-iba na ang numero tungo sa kabanalan.

Naanunsiyong maaari nang magsend ng videorecording message ng sumasayaw na araw ng Agoo na nakunan noong 1992. Sa kaka-forward ng mensahe, muntik nang maubos ang load ng mga deboto para masilayan ang milagrosong araw. "Pinto iyan ng langit," payo ng matandang texter. Nahukot ang isang texter sa pagkilatis kung maaaninag ang palda ng Reyna Imakulada ng Langit at Lupa, ang sakong ni Hesus, ang bisig ni San Huseng Anluwage, o ang manok ni San Pedro sa iskrin ng kanilang cellphone.

"Namboboso ka, hano?" tukso ng matanda sa nahukot na texter, na napaantada sa kanyang nasaksihan. "Sige ka, hindi ka makatutuntong sa langit niyan."

**Alamat sa Burol, bersiyong 2053-C**

NAGSISIKSIKAN SA PALIPARAN ang mga balikbayan at dayuhang deboto ng magiging St. Judiel Nieva de Agoo, lulan ng di mabilang na jumbo jet. Sa bulwagan, nakahanda ang mga tangke ng scented oxygen, alinsunod sa programang Balik-Gunita ng pamahalaan, na inilalako sa mga biyahero sa presyong kaibigan—hanging amihan kapag Disyembre, hanging pinipig, hanging ginisa at sinangag, hanging kabukiran, hanging binusal na mais, hanging arnibal, hanging alimuom. Pinarami na rin ang video booth na THX o Dolby Digital na nagtatampok na sinaunang kaligayahan—gagambang lumilikha ng sapot, mag-amang nagsasaranggola, mga batang namimitas ng aratiles, tawanan ng mga batang naliligo sa ulan, bahaghari, hardin ng mga korales, kiping sa Lucban, punong kaimito, naipong hamog sa dahon ng papaya, tutubing-tubig sa lawa-lawaan, at walong kuting na magkakayakap sa basket. Hindi maipaliwanag ng mga mamamahayag kung ang nakahahawang hikbi sa loob ng bulwagan ay dulot ng tagumpay ni Judiel Nieva o ang kurot-sa-pusong gunita na inilalakong bargain sa mga balikbayan at dayuhan.

Umabot hanggang Pampanga ang kapal ng taong susubaybay sa opisyal na deklarasyon ng Vatican. Nagtext brigade ang mga deboto ng mensaheng "Blessed Judiel Loves You", "Please Pray the Rosary", "WeLove You Blessed Judiel", "Blessed Judiel Forever and Ever", at "Judiel, Hindi ka

Nag-iisa." Nagpasiklaban ang Text & Believe at Universe sa mga patalastas na sumasaludo sa kabanalan ng kapuluan—si San Lorenzo Ruiz, San Pedro Calungsod, San Rico Yan, at ang magiging St. Judiel Nieva.

"Magkakaroon kaya ng farewell walk ang tatlong santo mamaya?" pagtatanong ng mga delegado sa pinagsanib na World and Wild Meeting of Family. Napaismid ang isang delegado at pinagduduhan ang karunungan ng kasama—kung ito ba'y natural o artipisyal.

"Itinatanong pa ba 'yon?" padabog nitong tugon. "Ang mga banal ay hindi naglalaho o namamaalam."

Ang masamang balitang halos ikinalumpo ng lahat, hindi makararating ang Santo Papa sa Apparition Hill ng Agoo. Pinigilan diumano siya ng mga obispo dahil anumang sandali'y babagsak na sa Pilipinas ang naglalagablab na ibong plutonium na Titan. Nanalangin ang mga deboto na sana'y malihis ito ng orbit at bumagsak sa bansang pinagmulan nito. Pero huli na ang lahat. May kontrata na ang bansa na magiging bagsakan ng mga ibong plutonium sa loob ng walumpung taon.

Upang matigil ang alingasngas, inako ng Universe ang responsibilidad. Napamangha ang lahat, bagsak ang ngalangala, nang lumantad sa burol ang dambuhalang iskrin ng live streaming at web broadcast. Live ding matutunghayan sa mga cellphone ang bawat saglit ng kanonisasyon. Pinatugtog ang lumang awiting "Malayo man ay malapit din..." habang pinagbubuhul-buhol ang mga kable. Mayamaya, sumulpot ang larawan ng Vatican sa telon. Naghiyawan ang mga tao, iwinawagayway ang kanilang puting panyolito. Umugong ang iyakan, tila may ginagayat na dambuhalang sibuyas sa burol.

"Mabuhay ang Katolika Republika ng Pilipinas," bati ng Santo Papa na kasingkupad ng higad ang boses. Nagpalakpakan ang mga tao nang marinig na ang isang Aprikanong pinuno ng Iglesia Katolika ay nagsasalita ng Filipino, kahit pambungad lamang. Sumunod ay talumpati sa Latin na wika raw ng Diyos. Tanging naintidihan ng mga nakatanghod sa palabas ay nang nagsiluhod ang mga pari at Pilipino sa Vatican atumalingawngaw ang pangalang "St. Judiel Nieva de Agoo." May naidagdag na namang santo sa kalendaryo ng simbahang Katoliko. Winakasan ito ng Santo Papa ng pahayag na "Mahal ko kayong lahat," saka nagpakawala ng mga halik sa hangin. Ang bango ng walumpung milyong talulot ng pulang rosas ay

lumipos sa buong bayan.

Napaluha ang mga deboto. Kung titipunin ang luha, muling manunumbalik ang tubig sa Ilog Agno at magkakaroon ng patubig ang payyo sa Banaue.

Nagsiliparan ang walong milyong kalapati sa himpapawid. Isinaboy ang pulang talulot ng rosas, umabot hanggang sa Bulacan. Walang anu-ano'y dumilim. Kulay lila ang dagim na marahang lumalapag sa sinaunang puno ng bayabas. Tumalilis sa takbo ang mga deboto, hanap ng kanilang mga binti ang basilikang masisilungan sa napipintong sakuna. Namukadkad ang mga payong na plutonium-proof. Pagtingala ng mga deboto sa langit, kitang-kita ang mga huwad na bulalakaw na paligid-ligid sa kalawakan.

"Parang Leonid meteor shower," manghang-manghang banggit ng isang deboto na pinipigalan ang sariling pagkurap.

Hinampas ng isang ina ang anak na nagpaalam pa kung puwede siyang mag-wish sa nakita. "Kay St. Judiel ka magwish!" saway ng ina.

Nang gabing iyon, napabalitang bumalik na ang Reyna Imakulada ng Langit at Lupa sa wallpaper ng mga cellphone. "Na-virus kaya ang cellphone ko?" pag-aalala ng isang texter.

Balita pa naman ang maraming hackers sa cyberspace ngayon. Sinuri nila ang memory ng kanilang cellphone na naging tuod, hindi gumagalaw kahit pukpukin ang keypad o ang anumang commands. Nadagdagan ng 80 gB ang naturang wallpaper. Naiputan yata ng Ibong Adarna Virus. Hustong pagkakasuri sa mga sariling iskrin ng cellphone, nagitla sila sa anyo ng Reyna Imakulada ng Langit at Lupa—basang-basa sa ambon ng plutonium, may hawak ng batya't palo-palo, ukay-ukay ang damit, at mula sa Sayonato at Nakamura ang korona.

"Saan naglagalag ang Birhen?" Tiyak na tiyak, ito ang headline bukas sa lahat ng pahayagan at balitang pangmadaling-araw.

**Alamat sa Burol, bersiyong 2053-D**

TATLONG ARAW ANG nakalipas, mintis man sa prediksiyon

ng ruta ng Titan, lumusong sa dating perlas ng silangan ang nagliliyab na basurang pangkalawakan. Ang bayan ng Agoo ang itinuturong epicenter ng pagyanig. Intensity 8.8 ang naitala ng antigong Richter Scale at walong libong decibels ang napakawalang yanig; wala namang naitalang nasawi—salamat sa biyaya nina St. Judiel Nieva at Reyna Imakulada ng Langit at Lupa—ngunit nagkalamat ang iskrin ng mga cellphone na ikinasawi ng mga texter. Dinagsa ng mga tao ang pinangyarihan ng pagbagsak at pagsabog, gulat na gulat sa butas na nilikha sa tigang na lupa—tila Grand Canyon.

"Yardbirds! Yardbirds!" palahaw ng mga texters sa nagmamadaling basurero. Dala-dala ang walumpung sako kung sakaling may maitatabing piraso na maipagbebenta. Isang dalagang ina ang naglulundag sa tuwa nang nakatagpo siya ng umuusok pang inidorong titanium sa lugar ng pinsala. Galit na galit ang mga nagkakalkal nang binaril ang kanilang kasama nang mapagkamalan itong baboy ramo ng mga sundalo. Nang nagkalkal pa ang mga basusero pailalim sa lupa, nakatagpo sila ng walumpu pang inidorong titanium. Dali-dali nila itong inihilera sa highway para ipagbenta sa mga manlalakbay.

Nagvibrate muli ang mga cellphone. "Please pass to your ten closest friends," ang sumamo sa mga mensahe at nangangako ng katuparan ng pangarap pagkaraan sa loob ng dalawang linggo. Nagsalimbayan ang mga ringtones at napatayo nang tuwid ang mga texter, nilagay ang kanang kamay sa sariling dibdib, nakikiawit nang sabay sa ringtones.

"1 multimedia message received," sabi ng iskrin.

Pagkabukas ng electronic sobre, namulaklak ang panibagong himala ng langit at lupa: lumuluha ng pinaghalong asupre, tingga, at plutonium ang Reyna Imakulada; naaagnas ang mga daliring garing at nangitim ang dating rosas na pisngi at labi. Nalusaw ang makinis nitong talampakan dahil sa dagim na hitik sa asido.

"Nadaplisan siguro ng ipot-kalawakan," nanlalamig na haka ng isang texter, at saka nagdownload ng bagong mensahe ng Reyna Imakulada ng Langit at Lupa sa pinakahuling milagro dito sa lupa, na para na ring lumulutang patungo sa langit.